7

# Lingguhang Aralin sa Values Education

Kuwarter 1

Aralin

1

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay-Aralin sa Values Education 9**
**Kuwarter 1: Aralin 1 (Linggo 1)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na eto ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementasyon ng MATATAG K - 10 na kurikulum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:** Maria Margarita Gregoria A. Virtucio, Jennet F. Pajura, Donah Jean S. Sales

**Tagasuri:** Rowena R. Hibanada

**Ilustrador:**

**Tagaanyo:**

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**VALUES EDUCATION/ KUWARTER 1 / BAITANG 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa gamit ng isip at kilos-loob sa sariling pagpapasya at pagkilos. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang wastong gamit ng isip at kilos-loob sa mga sariling pagpapasya at pagkilos alinsunod sa katotohanan at kabutihan upang malinang ang maingat na paghuhusga. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br><br>Nakapagsasanay sa maingat na paghuhusga sa pamamagitan ng pangingilatis sa katotohanan at kabutihan na nakapaloob sa isang situwasyon.<br>A. Natutukoy ang mga katangian, gamit, at tunguhin ng isip at kilos-loob.<br>B. Naipaliliwanag na ang gamit ng isip at kilos-loob sa sariling pagpapasya at pagkilos ay ang nagsisilbing gabay sa pagpili at pagkilos alinsunod sa katotohanan at kabutihan, dahil ang mga ito ang nagpapabukod-tangi sa kaniya sa ibang nilalang.<br>C. Nailalapat ang wastong gamit ng isip at kilos-loob sa mga sariling pagpapasya at pagkilos alinsunod sa katotohanan at kabutihan. |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga** | Maingat na Paghuhusga (*Prudence*) |
| **E. Nilalaman** | Gamit ng Isip at Kilos-loob sa Sariling Pagpapasya at Pagkilos<br>A. Katangian at Tunguhin ng Isip at Kilos-loob<br>B. Gamit ng Isip at Kilos-loob sa Sariling Pagpapasya |
| **F. Integrasyon** | |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|


- Ano ang mga gamit at tunguhin ng isip at kilos loob? | Panitikan.com.ph. (2021). Panitikan.com.ph. https://www.panitikan.com.ph/ano-ang-mga-gamit-at-tunguhin-ng-isip-at-kilos-loob
- Colorfuel Studio. (2019). Kids thinking idea vector illustration. iStock. https://www.istockphoto.com/vector/kids-thinking-idea-vector-illustration-gm1171406333-324515667
- EsP P10 Q1 Mod1 Ang Mataas na Gamit at Tunguhin ng Isip at Kilos-loob Final 07282020 - Edukasyon sa – Studocu https://www.studocu.com/en-us/document/bethesda-university-of-california/economics/es-p10-q1-mod1-ang-mataas-na-gamit-at-tunguhin-ng-isip-at-kilos-loob-final-07282020/22778232
- Ki. (2021). Ano ang tunguhin ng isip at kilos loob? – halimbawa at sagot. PhilNews. https://philnews.ph/2021/04/01/ano-ang-tunguhin-ng-isip-at-kilos-loob-halimbawa-at-sagot/
- Trienta, S. (2021). Tamang Pagpapasya (The Show-My own Version) [Video]. YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=h0yZ-rkeawg


<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA sa GURO</th></tr>
<tr><td>Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>







UNANG ARAW

1. Lunsarang Gawain

Tingnan at pag-aralan ang nasa larawan. Pansinin ang pagkakaiba at pagkakatulad ng mga ito.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang ibig ipahiwatig ng dalawang larawang ito?<br>2. Sa tingin mo, ano ang gagawin ng tao at ng hayop? Ipaliwanag.

</td><td>Maaaring sagot:<br>1. May kakayahan ang taong magdesisyon.<br>2. Ang tao ay gagawin ang alam niyang tama samantalang ang hayop ay walang kakayahang magdesisyon.<br>3. Dahil ang tao lamang ang may kamalayan.</td></tr>
</table>

<table>
<tr><td></td><td>3. Ano ang kaibahan ng tao sa hayop?<br>4. Bakit bukod tangi ang tao sa lahat ng nilikha? Pangatwiran ang sagot.</td><td></td></tr>
<tr><td>Paglalahad ng Layunin</td><td>1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br><br>1. Ano ang napansin ninyo sa larawan?<br>2. Paano kaya nabigyan ng bata ng kasagutan ang kaniyang mga katanungan?<br>3. Natural sa tao ang magkaroon ng suliranin na kailangang tugunan. Ikaw, paano mo nabibigyan ng solusyon ang iyong problema?<br>4. Ano ang mga angking katangian mo na mahalagang gamitin sa mga pagkakataong ito?<br><br>2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br><br>Dalawang Minutong Hamon<br><br>Hahatiin ng guro ang espasyo sa pisara sa dalawang bahagi. Sa isang bahagi ay ipaskil ang salitang ISIP. Sa kabila naman ay salitang KILOS-LOOB. Sa loob ng dalawang minuto, ang mga mag-aaral ay kukuha ng chalk upang isulat ang mga salita o ideya na kanilang maiuugnay sa ISIP at KILOS-LOOB. Pagkatapos ay iproseso ng guro ang mga kasagutan upang makabuo ng tamang pakahulugan sa dalawang salita.</td><td>Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto<br>Iproseso ng guro ang mga kasagutan upang maunawaan ng mga mag-aaral na sa bawat pagpapasyang ginagawa at mga hakbang na gagawin, ang isip at kilos-loob ay may mahalagang papel na ginagampanan.<br><br>Paghawan ng Bokabolaryo<br>• Isip - ang kapangyarihan ng tao na makaalam at mangatwiran; kapangyarihang humusga, sumuri, mag-alaala at umunawa ng kahulugan ng mga bagay<br>• Kilos-Loob – ang kapangyarihan ng tao na pumili, magpasiya, at isakatuparan ang Napili; kumilos at gumawa ng kabutihan ang pangunahing gamit at tunguhin nito</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Katangian at Tunguhin ng Isip at Kilos-loob**<br><br>**I. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Ang tao ay biniyayaan ng kakayahang mag-isip at magpasya, dalawang kakayahang nagbibigay sa kaniya ng natatanging katangian kumpara sa ibang nilalang. Ang mga kakayahang ito ay kinakatawan ng isip at kilos-loob, na kapuwa mahalaga sa pag-unawa at pagsasakatuparan ng ating mga layunin at hangarin sa buhay. Sa pamamagitan ng isip at kilos-loob, nagiging posible ang ating pag-unlad at ang ating kakayahang makagawa ng mga makabuluhang desisyon.<br><br>Ating tandaan na ang tunguhin ng isip ay ang katotohanan na dapat nating isaalang-alang. Maraming mga situwasyon na mabilis tayong magkaroon ng maling akala. Ito'y dahil hindi nating lubusang na-iintindihan ang isang bagay o kulang ang datus natin tungkol sa isang pangyayari o situwasyon.<br><br>Kaya naman ating matatagpuan ang katotohanan gamit ang patuloy na pananaliksik. Karagdagan, dapat gamitin din natin ang ating mga pandamang pantao katulad ng paningin, pandinig, pang-amoy, panlasa, at pandama. Lahat ng ito ay na kokonekta o nabibigyan ng kabuoang ideya gamit ang ating isip.<br>Ito ay nakabase sa impluwensiyang galing sa ating pag-iisip. Dahil dito, mayroong kapasidad ang isang tao na gumawa ng tama o mali. Ang tunguhin ng kilos – loob ay kabutihan. Sapagkat ang kilos – loob ay hindi lumalapit sa kasamaan kaya't ang tanging tunguhin nito ay ang kabutihan.<br><br>Ang isip ay ginagamit ng isang tao upang maunawaan ang mga pangyayari sa kanyang kapaligiran. Ito ang batayan ng kanyang pagkakilala sa kanyang mga kapwa na ang tunguhin ay katotohanan o maunawaan ang katotohanan. Samantala ang kilos-loob naman ay ang kabutihan. Ang kakayahan ng isang tao na magkaron ng sariling desisyon at isakatuparan ito. Ito ay ginagamit upang makakilos o gumawa ang isang tao na naglalayong matungo ang kabutihan. Dahil ang kilos-loob ay ang responsable sa pagiging mapanagutan ng isang indibidwal sapagkat ang taliwas ito sa ideya ng kasamaan. | |

Ang isip at kilos-loob ng tao ay may tunguhing katotohanan at kabutihan. Dahil dito, nagkaroon tayo ng mas mataas na antas kumpara sa hayop na pinangingibabawan lamang ng kanilang instincts. Ang ating isip at kilos-loob ang gagabay sa atin upang maging makatao sa bawat kilos natin sa araw-araw. Sa pamamagitan ng isip, nagagawa nating mag-isip nang lohikal, mapanlikha, at mapagpasiya. Sa pamamagitan naman ng kilos-loob, nagagawa nating kumilos nang may pagmamahal, katarungan, at kapayapaan. Ang pagkakaroon ng harmonya sa pagitan ng isip at kilos-loob ay nagsisiguro na ang bawat desisyon at aksyon natin ay nakatuon sa ikabubuti ng ating sarili at ng ating kapwa.

**Pamprosesong tanong**

1. Ano ang katangian at tunguhin ng isip at kilos-loob?
2. Ano ang kaibahan at gamit ng isip at kilos-loob?
3. Paano ginagamit ang isip at kilos-loob sa pang-araw-araw na gawain?

**II. Pinatnubayang Pagsasanay**

Panuto: Gamit ang estratehiyang *Think-Pair-Share*, Basahin at unawaing mabuti ang mga situwasyon at pag-usapan ng iyong kapareha ang inyong kasagutan. Gawing gabay ang mga nakatalang katanungan sa ibaba.

| |
|---|
| Sabik na sabik ka na sa pagbubukas ng klase. Handa na ang iyong mga kagamitang pang-eskuwela at nasasabik ka nang makilala ang mga bago mong kaklase. Subalit sa unang araw pa lamang ng pasukan ay may kaklase ka na ayaw kang paupuin sa bakanteng upuan malapit sa kaniya dahil para daw iyon sa kaniyang bag at iba pang gamit. Ano ang iyong gagawin? |

| |
|---|
| Pag-uwi mo galing sa paaralan ay nakita mong tambak ang mga hugasin sa kusina. Ang ate mo ang nakatuka upang maghugas subalit hindi pa siya nakauwi ng bahay. Gustuhin mo mang gawin ang responsibilidad niya kaso namamaga ang iyong kamay. Maya-maya lang ay uuwi na ang inyong mga magulang at siguradong magagalit dahil hindi pa nahugasan ang pinagkainan. Ano ang iyong gagawin? |

**Pamprosesong tanong:**

1. Magkapareho ba o magkaiba ang inyong mga sagot? Bakit?
2. May karanasan ka rin ba sa buhay na nahirapan kang magpasya? Bakit?
3. Ano-ano ang mga bagay na iyong isinaalang-alang sa paggawa ng pagpapasya?

**IKALAWANG ARAW**

**III. Paglalapat at Pag-uugnay**

Bawat kilos natin ay gumagawa tayo ng sariling pagpapasya na nagsisilbing gabay sa pagpili at pagkilos. Paano makatutulong ang isip at kilos sa pang-araw-araw na ginagawa at ano ang resulta nito? Sumulat ng tatlong (3) karanasan mo sa buhay kung saan ay gumawa ka ng pagpapasya. Punan ang mga hinihinging impormasyon sa tsart. Gawing halimbawa ang nakatala sa ibaba.

| Situwasyong Naranasan | Ginawa mo Gamit ang Isip | Ginawa mo Gamit ang Kilos-Loob | Resulta ng Kilos |
|---|---|---|---|
| Halimbawa: Nagkasabay ang iskedyul ng praktis sa basketbol at takdang-araw ng pagpasa ng proyekto sa EsP. | Tinimbang ko kung ano ba ang mas nararapat. Unahin ang praktis bigyang prayoridad ang pagpasa ng aking proyekto sa EsP. | Pinakiusapan ko ang aking *coach* na hahabol na lang ako sa praktis at ginawa ko ang aking proyekto sa EsP. | Nakapraktis ako sa basketbol at nakapasa ako ng aking proyekto sa nakatakdang oras. Natuwa ang aking *coach*, gayundin ang aking guro dahil ako ay naging responsable sa pagtupad sa aking mga tungkulin. Dahil dito, naging masaya rin ako. |
| | | | |
| | | | |

| | | | |
|---|---|---|---|

**Pamprosesong tanong**

1. Madali ba o mahirap ang gawaing pinagawa? Ipaliwanag ang sagot.
2. Sa mga pagpapasya, ano-ano ang mga bagay na isinaalang-alang mo?
3. Paano mo pinag-isipan ang mga pagpapasyang ginawa mo?
3. Ano ang resulta ng mabuting pagpapasya? ng maling pagpapasya? Paano ang mga ito nakakaapekto sa iyo at sa ibang tao?
4. Bakit mahalaga ang maingat na paghuhusga?

**Kaugnay na Paksa 2**: **Gamit ng Isip at Kilos-loob sa Sariling Pagpapasya**

**I. Pagproseso ng Pag-unawa**

**Itanong:** Ano ang kahalagahan ng paggamit ng isip at kilos-loob sa pagpapasya?

Ang tao ay natatangi sa lahat ng nilikha ng Diyos. Ang tao ay nagtataglay ng isip upang magamit sa pag-unawa at alamin ang katotohanan. Sa pamamagitan ng isip, ang tao ay naghahanap ng katotohanan; kaya't patuloy siyang nagsasaliksik upang makaunawa at gumawa nang naaayon sa katotohanang natuklasan.

Ang kilos-loob ay ang kapangyarihang magpasya, pumili, at isakatuparan ang kaniyang pinili. Ayon kay Santo Tomas de Aquino, ang kilos-loob ay isang makatwirang pagkagusto o *rational appetency* dahil ito ay isang pakultad na nalulugod sa mabuti at umiiwas sa masama. Ito ay nakasalalay sa ibinibigay na impormasyon ng isip. Samakatuwid, naiimpluwensiyahan ng isip ang kilos-loob. Dahil sa kilos-loob, maaaring piliin ng tao na gumawa ng mabuti.

Ang gamit ng kilos-loob ay upang kumilos o gumawa. Kapag ginagamit ng tao ang kaniyang kapangyarihang pumili at gumawa ng tama, ipinapakita lamang niya ang kaniyang mapanagutan o responsableng pagkilos.

Ang tunguhin ng kilos-loob ay kabutihan. Sapagkat ang kilos-loob ay hindi lumalapit sa kasamaan kaya't ang tanging tunguhin nito ay ang kabutihan. Sa

| | | |
|---|---|---|
| | tuwing gumagawa ang tao ng kabutihan, ito ay pagpapakita lamang ng responsable o mapanagutang pagkilos.<br><br>Ang gamit ng ating isip at kilos-loob ay nakakatulong sa atin dahil ginagamit natin ito upang magkaroon tayo ng kasiguraduhan na tama at angkop ang mga gagawin nating desisyon at aksyon sa pamamagitan ng masusing pagsusuri at pagpapasya upang hindi natin ito pagsisihan sa huli. Sa paggamit ng ating isip at kilos-loob kailangang may disiplina at tiwala tayo sa ating sarili upang masigurado natin na tama ang ating ikikilos at gagawin. Isa pa, dapat marunong rin tayong magkontrol ng ating mga emosyon at nararamdaman. Kaya bago natin gawin ang isang bagay dapat determinado tayo upang makatulong ito sa ating pag-unlad bilang isang tao.<br><br>Ang gamit ng isip at kilos-loob sa sariling pagpapasya at pagkilos ay nagsisilbing gabay sa pagpili at pagkilos alinsunod sa katotohanan at kabutihan. Ang isip at kilos-loob ng tao ang nagpapabukod-tangi sa kaniya sa ibang nilalang.<br><br>Naitutulong ng tamang paggamit ng ating isip:<br><br>a. Ang ating isip ang may kontrol sa ating buong katawan, ito ang may kakayahang mag-isip, magpasya at magdesisyon para sa ating buhay. Kaugnay ng kilos-loob, ang isip ang gumagabay sa isang tao upang gumawa at kumilos ang isang tao tungo sa kabutihan.<br><br>b. Ang ating isip ang kumokontrol sa lahat, sa lahat ng ating pagpapasya at pagdedesisyon, ito ang gumagabay sa atin para mag-isip ng mga bagay kung ito ay tama at mali. Ito rin ang ating ginagamit upang malawak nating maintindihan at malaman ang ating mga nagawang pasya at desisyon sa buhay. Mahalagang palaging suriin ang bawat pasya gamit ang isip katuwang ang kalooban upang makagawa ng tamang desisyon na makakapagpasaya sa atin at makapagpapaintindi sa atin na tama ang ating mga ginagawa at gagawin tungo sa kabutihan ng ating kapuwa.<br><br>Naitutulong ng tamang paggamit ng ating kilos-loob: | |

a. Ang kilos-loob ay tumutukoy sa kakayahan sa paggawa ng isang bagay o gawain na naaayon at nais ng ating kaisipan. Ito ang nagpapasya o nagdedesisyon na gawin anuman ang ating naisin.




b. Ang ating kilos-loob ang may kakayahan at kapangyarihang pumili nang may laya sa kaniyang mga kagustuhan ng walang sinomang nag-uutos o nagsasabi dito.

c. Ang kilos-loob ang gumagabay sa atin para mag-isip ng mga bagay at gawain kung ito ay tama at mali.

d. Ang kilos-loob ang ating ginagamit upang malawak nating maintindihan at malaman ang ating mga nagawang pasya at desisyon sa buhay.

e. Ang kilos-loob din ang gagabay sa atin sa mga tamang desisyong makakapagpasaya sa atin at makapagpapaintindi sa atin na tama ang ating mga ginagawa at gagawin.

## IKATLONG ARAW

**II. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Pagpapasya**

Pakinggan ang awiting, **Pagpapasya** sa youtube (https://youtu.be/h0yZ-rkeawg)

**Pamprosesong tanong:**
1. Ano ang mensahe ng awitin?
2. Bakit kailangang linangin ang isang matalinong pagpapasya sa mga suliranin?
3. Paano magagamit ang isip at kilos-loob sa mga sariling pagpapasya at pagkilos alinsunod sa katotohanan at kabutihan?

**III. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Dula-dulaan**

Hatiin ang klase sa pangkat para sa dula-dulaan. Magplano at mag-isip ang bawat pangkat ng isang situwasyong nakikita sa lipunan na kung saan ay ginagamitan ng isip at kilob-loob sa pagpapasya.

**Rubrik sa Dula-dulaan**

| Kraytirya | Lubhang Kasiya-siya (9-10 puntos) | Kasiya-siya (7-8 puntos) | Nangangailangan ng pagpapabuti (5-6 puntos) |
|---|---|---|---|
| Iskrip | Napakahusay ang pagkakagawa at malinaw ang iskrip. | Mahusay ang pagkakagawa at malinaw ang iskrip. | Hindi masyadong malinaw ang iskrip. |
| Pagkakaisa at Partisipasyon | Kasama lahat ng kasapi ng pangkat sa pagtatanghal. | Kasama ang lahat ng kasapi sa pangkat subalit may kalituhan ang ilan sa kanilang pagganap. | May mga kasapi sa pangkat na hindi nakakitaan ng pagganap. |
| Pagkakaganap ng Tauhan | Makatotohanan at kapani-paniwala ang pagkakaganap ng mga tauhan mula sa pananalita, kilos/galaw, at ekspresyon. Mahusay ang paglalarawan ng reyalidad sa situwasyong itinanghal. | Makatotohanan at kapani-paniwala ang pagkakaganap ng mga tauhan mula sa pananalita, kilos/galaw at ekspresyon. Subalit, hindi masyadong mahusay ang paglalarawan ng reyalidad sa situwasyong itinanghal. | May mga bahagi lamang na makatotohanan at kapani-paniwala ang pagkakaganap ng mga tauhan mula sa pananalita, kilos/galaw at ekspresyon. Hindi masyadong mahusay ang paglalarawan ng reyalidad sa situwasyong itinanghal. |

**Dula-dulaan**

Ang guro na ang malayang magdesisyon ng oras ng preparasyon at presentasyon ng mga mag-aaral ng kanilang dula-dulaan. Siguraduhing i-tsek muna ang situwasyon at aprobado ito ng guro bago itanghal sa klase.


<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td>Props</td><td>Kumpleto at napag-isipang mabuti ang ginamit na mga props.</td><td>Gumamit ng props subalit may iilan na hindi angkop ang pagkakagamit.</td><td>Napakakulang ang props na ginamit o hindi angkop ang karamihan sa mga ito.</td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Paglalahat</td>
<td>
IKAAPAT NA ARAW<br><br>
1. Pabaong Pagkatuto<br><br>
Panuto: Iguhit ang masayang mukha kung ang situwasyon ay nagpapakita ng paggamit ng isip at kilos-loob sa pagpapasya. Malungkot na mukha naman kung ang situwasyon ay hindi pinag-isipan nang mabuti. Iguhit ang inyong sagot sa patlang.<br><br>
 <br><br>
________1. Pinili ni Grace na ipagpatuloy ang kaniyang pag-aaral sa kabila ng kanilang kahirapan sa buhay.<br>
________2. Ipinapasa ni Grey sa iba ang natatanggap na forwarded na mensahe sa cellphone patungkol sa nangyayaring banggaan ng sasakyan.<br>
________3. Inuna munang pinabili ni Andrea ang mga pangangailangan sa paaralan kaysa bagong gadyet na gusto niya.<br>
________4. Kinuha ni Mark ang cellphone ng kaklase upang ibenta at nang may ipambili ng gamot ang kapatid niyang may sakit na nasa ospital.<br>
________5. Nangopya si Aimee sa unang markahang pagsusulit upang matulungan ang sarili na makapasa dahil ilang markahan na siyang bumabagsak.<br><br>
Pamprosesong Tanong:<br><br>
1. Mahirap o madali ba ang gawain para sa iyo? Ipaliwanag ang sagot.<br>
2. Ano ang iyong ginagawa sa mga pagkakataong nahihirapan ka sa pagpapasya?<br>
3. Bakit mahalagang isaalang-alang sa lahat ng pagkakataon ang isip at kilos-loob upang makabuo ng pagpapasya ang maisagawa ang nararapat na mga hakbang?
</td>
<td></td>
</tr>
</table>

**2. Pagninilay sa Pagkatuto**

**Panuto:** Sa bawat araw na ating hinaharap kadalasan gumagawa tayo ng desisyon mula sa pinakamaliit hanggang sa pinakamalaking bagay. Sana sa paggawa ng desisyon lagi nating isipin ang mga epekto nito sa atin at sa ating kapuwa. Magbigay ka ng isang halimbawa ng pagpapasya na maaari mong gawin sa isang situwasyon kung tama ang iyong pasya ano ang mga epekto at resulta nito at kung mali ang pasya naman ano ang mga epekto at resulta nito gamit ang *graphic organizer* sa ibaba.

Halimbawa, kung magpapasya ka kung ipagpapatuloy mo pa ang paglalaro ng *online games* o titigil na at pagtuunan na lang ng pansin ang pag-aaral. Anuman ang iyong maging pasya ay ibibigay mo kung ano-ano ang maaaring maging epekto ng pasya mo at sa huli ano ang maaaring bunga/resulta nito.

**Gamit ang Isip at Kilos-loob**



| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA sa GURO |
|---|---|---|
| **Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br><br>Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang pahayag. Isulat ang letra ng pinakatamang sagot.<br><br>1. Sa kaniya nagmula ang katotohanan at kabutihan.<br>A. guro C. Diyos<br>B. batas D. mga magulang<br><br>2. Ayon sa kaniya ang kilos-loob ay ang makatwirang pagkagusto.<br>A. Diyos C. Sto.Tomas de Aquinas<br>B. Sto. Tomas de Aquino D. Thomas Alba Edison<br><br>3. Ang layunin ng ___________ ay mapabuti ang sarili at ang ibang tao.<br>A. isip C. puso<br>B. kilos-loob D. konsensiya<br><br>4. Hindi kailanman nanaisin ng kilos-loob ang masama sapagkat ito ay laging panig sa ______________.<br>A. tao C. sarili<br>B. mabuti D. nakakarami<br><br>5. Ito ay isa sa mga imahe ng Diyos na taglay mo at ng bawat tao na may kakayahan upang makaalam ng mga bagay na totoo.<br>A. isip C. kilos-loob<br>B. puso D. konsensiya<br><br>6. Alin sa mga sumusunod ang tumutukoy sa kapangyarihan ng tao na pumili, magpasya, at isakatuparan ang napili?<br>A. isip C. kalayaan<br>B. dignidad D. kilos-loob | **Sagot:**<br><br>1. C<br>2. C<br>3. B<br>4. B<br>5. A<br>6. D<br>7. B<br>8. B<br>9. C<br>10. B |

| | | |
|---|---|---|
| | 7. Walang katapusan ang paghahanap ng tao ng katotohanan. Ano ang kahulugan ng pangungusap na ito?<br>A. May limitasyon ang pag-iisip ng tao.<br>B. Walang katapusan ang pag aaral ng tao hangga't sila ay nabubuhay.<br>C. Patuloy ang hilig ng tao hanggang matuklasan niya ang kaniyang kapaligiran.<br>D. Hindi perpekto ang tao at ang kaniyang isip ay walang kakayahan na malaman ang katotohanan.<br><br>8. Saan nagkakatulad ang tao at hayop?<br>A. parehong responsable<br>B. parehong may damdamin<br>C. parehong nakakaalam ng tama<br>D. parehong may kakayahang magdesisyon<br><br>9. Ano ang nagpapahigit sa tao sa ibang nilalang?<br>A. Siya ay may damdamin. C. Siya ay may isip at kilos-loob.<br>B. Siya ay nilikha ng Diyos. D. Siya ay mahal ng Diyos.<br><br>10. Ito ay ang katangian o kalagayan ng pagiging mabuti, kahusayang moral, o kagalingan.<br>A. katalinuhan C. kagalingan<br>B. kabutihan D. katarungan<br>**Pagsusuri ng Situwasyon**<br>Kung ikaw ay malalagay sa sumusunod na mga situwasyon, ano ang iyong gagawin? Magbigay ng maikling paliwanag sa iyong kasagutan.<br>1. Naiwan kang mag-isa sa loob ng iyong silid-aralan. May nakita kang *wallet* sa ibabaw ng mesa. Nang binuksan mo ito, nakita mo ang ID ng iyong kaklase sa loob ng *wallet* at naglalaman ito ng dalawang libong piso.<br>2. Pagkatapos ng klase ay niyaya ka ng kaibigan mo na sumama sa kaniya upang mamasyal sa parke. Ang bilin ng iyong nanay umuwi agad pagkatapos ng klase.<br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin** | |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">Sumulat ng isang sanaysay tungkol sa kabutinag dulot ng Maingat na Paghuhusga (Prudence). Binubuo ito ng dalawang (2) talata. Isulat ang sagot sa inyong dyornal.</td><td></td></tr>
<tr><td rowspan="5">Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pagninilay</td><td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>▪ <u>Mag-aaral</u><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td><td>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.</td></tr>
</table>